


TAYO NAMAN
KNOW YOUR RIGHTS!
RESPECT PROTECT FULFILL
PRAYMER SA RIGHTS-BASED APPROACH SA PAMAMAHALA AT PAG-UNLAD

PhilRights



TAYO NAMAN
KNOW YOUR RIGHTS!
RESPECT PROTECT FULFILL
PRAYMER SA RIGHTS-BASED APPROACH SA PAMAMAHALA AT PAG-UNLAD
PhilRights

Ang praymer na ito ay inilathala ng Philippine Human Rights Information Center (PhilRights),
isang institusyon ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA).





# PAMBUNGAD

Batid natin na maraming hamon ang nakapaloob sa pagnanais ng bawat Pilipinong lubusang magtamasa ng buhay na may dignidad. Napakarami pa rin sa ating mga kababayan ang hindi lubos na nararamdaman ang komportable, ligtas, at malayang pamumuhay na marapat nating matamasa bilang tao. Nagpapatuloy ang pagdarahop at krisis na iniinda habang nananatiling limitado ang kakayahan ng maraming kumawala sa gapos ng kakulangan.

Para sa Philippine Human Rights Information Center (PhilRights) at punong organisasyon nito, ang Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA), malaking bahagi ng pagresolba ng suliraning ito ang pagsasa-anyo ng pamamahala at pag-unlad sa balangkas ng karapatang pantao.

Ang praymer na ito ay may hangaring ilatag sa mga mambabasa ang rights-based approach o RBA, bilang isang sistematikong lapit sa mga sanga-sangang usapin at problema ng pamamahala at pag-unlad. Sa ating pagtingin, malaking papel ang maaaring gampanan ng mamamayan sa makabuluhang paghubog ng pamamahala upang mabigyang-tinig at porma ang pagsasakatuparan ng karapatang pantao ng bawat isa, tungo sa pag-unlad ng lahat.

Layon natin, sa pamamagitan ng mga konsepto at kaisipang laman ng praymer na ito, na magbahagi ng mga ideya patungo sa pagsasabuhay ng RBA sa gawaing pamamahala at pag-unlad ng mga komunidad at mamamayan. Hangad naming ang pag-aaral, diskurso, at pagsasapraktika na maaaring iluwal mula sa nilalaman ng babasahing ito ay makatulong sa malawakang pagsusulong ng kulturang karapatang pantao na kinikilala ang taglay na angking dignidad ng lahat ng tao.

**Prof. Nymia Pimentel-Simbulan, Dr. PH**
**Executive Director**
**Philippine Human Rights Information Center**

# Mga Nilalaman

**Introduksyon ............................................ 1**

**Kabanata I:**
**Mga Batayang Konsepto:**
**Pamamahala, Pag-unlad,**
**at Karapatang Pantao ................................ 3**

**Kabanata II:**
**Mga Obligasyon ng Estado**
**at Responsibilidad**
**ng Mamamayan ........................................ 23**

**Kabanata III:**
**Ang Rights-based Approach**
**Bilang Balangkas ..................................... 31**

**Kabanata IV:**
**Pagsasabuhay**
**ng Rights-based Approach:**
**Gabay ng Mamamayan .............................. 44**

**MGA APENDISE**
**Ang Freedom of Information**
**o FOI .................................................... 64**

**Halimbawang Ordinansa**
**sa FOI .................................................. 67**



# INTRODUKSYON

Sa isang lipunan gaya ng Pilipinas, makabuluhan at kinakailangan ang pakikilahok ng taumbayan sa pagpapatibay ng sistema ng pamamahala at sa pagsulong ng pag-unlad. Ang dalawang usaping ito ay hindi rin maihihiwalay sa usapin ng karapatang pantao at sa pagtataguyod ng mga ito.

Gayunman, hindi lingid sa lahat na malaki pa ring hamon para sa maraming Pilipino ang makibahagi sa mga usapin ng pamamahala at pag-unlad. Nariyan ang kawalan ng kaalaman at kakulangan ng akses ng marami; dagdag pa rito ang sadyang kakulangan ng interes ng mga namumuno sa makahulugang pakikilahok ng mga mamamayan sa mga usaping ito.

Layunin ng praymer na ito na bigyang-kaalaman ang sinumang nag-nanais na makibahagi sa mga usapin at gawain ng pamamahala at mag-karoon ng mas malaking papel sa pagsulong ng pag-unlad sa kanilang komunidad at sa kalakhang lipunan.

Taglay ng mga susunod na kabanata ang paglilinaw sa mga konsepto ng pamamahala at pag-unlad at kung paanong ang dalawang usaping ito ay sabay na pinagtitibay at ginagabayan ng mga konsepto ng kara-patang pantao gamit ang balangkas ng rights-based approach o RBA.

Mayroon ding mga diskusyon at gabay sa mga mekanismo para sa par-tisipasyon ng mamamayan. Taglay ang mga kaalamang ito, inaasa-hang ang mambabasa ay magkakaroon ng mas malalim at praktikal na kahusayan sa usapin ng pamamahala at kung paano pang mapagtitibay ang pakikilahok dito sa lokal at maging nasyonal na antas.

Inaasahang ang kaalamang taglay ng praymer na ito ay magsisilbing gabay sa mga indibidwal at organisasyon na magplano, magbuo, at magsulong ng mga inisyatibang magsasabuhay sa RBA. Hangad din ng materyal na ito na magbigay ng paunang gabay sa pagpapalakas ng partisipasyon ng mga indibidwal at organisasyon sa lokal na pamamahala upang mapagtibay ang mga karapatang pantao hindi lamang sa kanilang komunidad, gayundin sa kalakhang lipunan.

# KABANATA I

## Mga Batayang Konsepto: Pamamahala, Pag-unlad at Karapatang Pantao

### PAMAMAHALA

Sa kasalukuyan, walang nag-iisang pakahulugan ang konsepto ng pamamahala. Bunga ito ng patuloy na ebolusyon ng pamamahala, pulitika, at mga lipunang nagbibigay ng iba't-ibang dimensyon sa konsepto.

Taglay ng kasaysayan ang ebolusyon ng pamamahala at itinuturing nang katambal ng sibilisasyon ng sangkatauhan ang konseptong ito. Masasabing ang pangangailangan sa pamamahala ay nabubuo sa tuwing ang isang grupo ng mga tao ay nag-uugnay patungo sa isang layunin.

Susi sa pamamahala ang pagpapasya para sa kabutihan ng lahat. Kapag lubhang marami ang kasapi ng grupo, gaya na lamang ng isang bayan o bansa, nagbubuo ang mga ito ng lupon na siyang mangangasiwa sa pagpapatakbo ng pamamahala.

Sa Pilipinas, gaya ng marami pang lugar sa mundo, ang pangkaraniwang pagkaunawa sa pamamahala ay nakadikit sa mga ideya tungkol sa pamahalaan. Ngunit mahalagang maunawaan ng lahat na hindi lamang ang gobyerno at mga kawaning bumubuo rito ang siyang may papel sa pamamahala.

Sa katunayan, ang pamahalaan ay isa lamang sa mga gumaganap sa pamamahala. Ang iba't-ibang antas ng lipunan ay may kanyang mga kalahok. Sa isang bayan, halimbawa, nariyan ang mga maimpluwensyang maylupa, mga lider ng simbahan, organisasyon ng mga magsasaka, mga kooperatiba, mga may hawak ng puhunan, mga non-government organizations (NGOs), organisasyong pangmasa o peoples' organizations (POs), militar, at iba pa. Sa pambansang antas, may papel din sa pamamahala ang midya, mga kinatawan ng ibang bansa, maging mga malalaki at internasyonal na mga kumpanya.

## Ang mga kalahok na ito sa pamamahala, maliban sa pamahalaan at militar, ay madalas na ginugrupo sa katawagang civil society.

Depende sa istraktura ng isang lipunan, ang mga kinatawang ito ay may iba't-ibang antas ng kapangyarihan at impluwensya sa mga gawain ng pamamahala at sa mga desisyong nakapaloob dito. Ang mga desisyon at aksyon na nararating ng isang lipunan, sa ikabubuti man o ikasasama ng nakararami, ay direktang naiimpluwensyahan ng istraktura ng pamamahala.

Samakatuwid, mahalagang suriin kung sino-sino nga ba sa lipunan ang may hawak sa kapangyarihan, kani-kaninong mga tinig ang napakikinggan at binigyan ng pagkakataong mapakinggan, at ano ang pangkalahatang kalagayan ng mga miyembro ng lipunan na bunga ng mga desisyon ng pamamahala.

Tayong mga Pilipino ay pamilyar na sa mga usaping ang pamamahala sa bansa ay hindi lubos na natutugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan. Marami sa mga suliranin ng taumbayan ay direktang iniuugnay sa kakulangan ng epektibong pamamahala. Nariyan ang talamak na kahirapan, kakulangan at kabagalan ng serbisyong pampubliko, kahinaan ng pagtugon sa mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, serbisyong medikal, pagnanakaw sa kaban ng bayan, at iba pa.

Kaya naman madaling bigyang-diin ang kaugnayan ng pamamahala sa pag-unlad. Kung hindi epektibo ang pamamahala sa isang lipunan, malayong maisakatuparan ang pag-unlad para sa lahat ng miyembro nito. Ngunit ano nga ba ang pag-unlad? At sino ang nagtatakda nito? Paano natin masasabing maunlad o umuunlad ang isang lipunan?

## PAG-UNLAD

Gaya ng pamamahala, malawak at maraming perspektibong pumapatungkol sa konsepto ng pag-unlad. Bawat tao ay maaaring may kanyang pagpapakahulugan sa pag-unlad. Gayunpaman, nagkakaisa ang lahat na ang pag-unlad ay isang kalagayang hangad ng bawat lipunan at mga taong nabibilang dito.

Sa indibidwal na antas, maaaring ang pag-unlad ay katumbas ng katuparan ng mga batayang pangangailangan gaya ng pagkain, tirahan, edukasyon, malusog na pangangatawan, at hanapbuhay.

Sa isang komunidad, maaari itong kumatawan sa pagkakaroon ng pasilidad at mga serbisyong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga indibidwal at pamilyang nabibilang dito.

Nariyan din ang pangangailangang panlipunan gaya ng maayos na kalsada, malinis na tubig, akses sa elektrisidad, komunikasyon at internet, kawalan ng krimen, at oportunidad para sa bawat isang maiangat ang sarili at pamilya tungo sa mas maayos na kalagayan.

Sa paglipas ng panahon, tumalas pang lalo ang usapin sa pag-unlad kung saan binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagiging sustenable ng pag-unlad. Kung kukunsultahin ang United Nations Development Programme (UNDP), isinusulong ng organisasyong ito ang sustainable human development, isang pangkalahatang konseptong tumutukoy sa pagpapalawig ng oportunidad para sa lahat ng tao sa lipunan.[1]

**Nararapat din lamang na sentro sa anumang proseso ng pag-unlad ang tao, lalo na ang mga bulnerable at marhinalisado, gaya ng mga mahihirap.** Para sa UNDP, ang pangunahing layunin ng pag-unlad ay ang pag-abot sa mga kondisyon kung saan ang lahat ay maaaring magtamasa ng mahaba, malusog, at nakapangyayamang buhay.

Mahalaga ring tandaan na ang pag-unlad ay hindi lamang umiikot sa kaunlarang pang-ekonomiya. Ito ay pagkilala na hindi sapat at pantay ang pakinabang ng mamamayan sa maaaring benepisyo ng isang umuunlad na ekonomiya.

---

1 United Nations Development Programme. (1998). Integrating human rights with sustainable human development. UNDP-ACIAC. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa http://www.undp-aciac.org/governance/anticorruption.aspx.

Ang Pilipinas, gaya ng maraming papaunlad na bansa, ay isang katunayan na hindi awtomatikong nararamdaman ng nakararaming mahihirap ang bumubuting kondisyong inaasahang dulot ng isang lumalaking ekonomiya. Sa halip, patuloy ang paglawak ng distansya sa pagitan ng mahihirap na mamamayan at sa iilang pamilya at sektor na nagtatamasa ng kasaganahan sa buhay.

Upang matugunan ang suliraning ito at maisulong pang lalo ang pagsasakatuparan ng pag-unlad para sa lahat, inilunsad noong 2015 ng United Nations (UN) ang 2030 Agenda for Sustainable Development—isang gabay para sa lahat ng bansang kasapi ng UN para sa pagkamit ng kapayapaan at pag-unlad para sa lahat ng tao at sa daigdig.[2]

Sa adyendang ito nakapaloob ang 17 Sustainable Development Goals (SDGs), mga tiyak at kagyat na layunin na kinikilala ang kaugnayan ng pagsupil sa kahirapan, pagpapabuti ng kalusugan at edukasyon, pagbabawas ng hindi pagkakapantay-pantay, pagsulong ng paglago ng ekonomiya, at pagresolba sa mga suliraning dulot ng climate change.

Ang bawat layunin ay may kanya-kanyang target na mas nagpapalinaw pang lalo sa mga kondisyong kinakailangan upang matamo ang pag-unlad. Para sa isang mamamayan, mahalagang instrumento ang mga SDG upang malinaw na igiit at isulong ang pag-unlad sa kanyang komunidad, bayan, at bansa.

Simula nang tanggapin ng lahat ng kasaping bansa ng UN ang hamon ng SDG, inako rin ng mga bansang ito ang obligasyong tuparin ang lahat ng SDG sa abot ng kanilang makakaya. May regular na pag-uulat na isinasagawa upang maitala ang antas ng pagtalima ng isang bansa sa mga target nito.

Maaaring sabihing matayog ang hangad ng SDG, at maaaring may ilang pagdududa sa kakayanan ng Pilipinas, gayundin ng iba pang bansa, na tuparin ang mga ito. Kaya naman mas lalong mahalagang igiit ang kahalagahan ng mabuti at epektibong pamamahala upang maitawid at maisakatuparan ang mga layuning ito.

2 United Nations Development Programme. (2015). Sustainable development goals. United Nations Development Programme. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa https://www.undp.org/sustainable-development-goals.


SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
1 NO POVERTY
2 ZERO HUNGER
3 GOOD HEALTH AND WELL-BEING
4 QUALITY EDUCATION
5 GENDER EQUALITY
6 CLEAN WATER AND SANITATION
7 AFFORDABLE AND CLEAN ENERGY
8 DECENT WORK AND ECONOMIC GROWTH
9 INDUSTRY, INNOVATION AND INFRASTRUCTURE
10 REDUCED INEQUALITIES
11 SUSTAINABLE CITIES AND COMMUNITIES
12 RESPONSIBLE CONSUMPTION AND PRODUCTION
13 CLIMATE ACTION
14 LIFE BELOW WATER
15 LIFE ON LAND
16 PEACE, JUSTICE AND STRONG INSTITUTIONS
17 PARTNERSHIPS FOR THE GOALS

## ANG MGA KARAPATANG PANTAO

Hindi buo ang anumang diskusyon sa pamamahala at pag-unlad nang walang pagkilala sa mga konsepto ng karapatang pantao. Sa madaling salita, ang pag-respeto, pag-protekta, at pagpapatamasa ng mga karapatan ang masasabing susi sa pagsasakatuparan ng hangarin ng pamamahala at pag-unlad.

**Ang mga karapatang pantao ay angkin at natural na tinataglay ng bawat isa simula pa ng kapanganakan at dapat taglayin at matamasa upang mabuhay nang may dignidad.**

Sa isa pang pagtingin, ang ating mga karapatan ang siyang mga instrumentong nagbibigay sa atin ng proteksyon laban sa karahasan at pagpapabaya. Ang mga karapatan natin ay hindi lamang produkto ng diskurso; sa halip, ang mga ito ay may legal na batayan sa anyo ng mga batas, tratado, at kasunduan sa loob at sa labas ng bansa.

Mas mabibigyan pang linaw ang kaugnayan ng karapatang pantao sa pamamahala kung titingnan natin ang mga partidong kasangkot.

Nariyan ang mga **rights holders** na binubuo ng mga mamamayan o ordinaryong indibidwal. Ang mga ito ay may responsibilidad na ipagtanggol, angkinin, at gamitin ang mga karapatang pantao, habang iginagalang ang karapatan ng kapwa.

Nariyan din ang mga **duty bearers** na kinabibilangan ng Estado at lahat ng bumubuo nito katulad ng mga kawani ng pamahalaan, kapulisan, militar, hanggang sa opisyal ng barangay. Ang mga duty bearers ay may obligasyon para irespeto, protektahan, at isakatuparan ang mga karapatang pantao.




Sa pagkilala sa dalawang partidong ito, lumilinaw ang pagkakaugnay ng tao sa Estado (na kinakatawan ng pamahalaan). Ang mga mamamayan ay may taglay na karapatan, at ang Estado o pamahalaan ay siya namang may obligasyong siguraduhing nirerespeto, protektado, at naisasakatuparan ang mga ito.

## MGA PRINSIPYO NG KARAPATANG PANTAO

Ang ating mga karapatang pantao ay may taglay na mga prinsipyong siyang gumagabay sa kung paano ito pag-uusapan, itataguyod, at kakamtin.

**Universal | Para sa Lahat, Pangkalahatan**

Lahat ng tao ay **may pantay-pantay at pare-parehong karapatan** nang walang pasubali batay sa kasarian, edad, kalagayang ekonomiko, etnisidad, relihiyon, at iba pa.

**Inalienable | Hindi Matatanggal, Hindi Mahihiwalay**

Ang karapatan ay **hindi** maaalis, matatanggal, mawawala, makukuha, o maipamimigay sa iba.

**Indivisible | Pantay-Pantay, Hindi Nahahati**

Lahat ng karapatan ay **magkakapantay-pantay at magkakasinghalaga**, (walang isang karapatang mas mahalaga sa iba). Ang mga ito ay hindi mapaghihiwa-hiwalay sa iba't-ibang bahagi.

**Inherent | Likas**

Ang mga karapatang pantao ay **natural at likas na taglay ng tao**. Walang awtoridad na nagbigay ng mga ito.

**Interrelated at Interdependent | Konektado, Magkaugnay**

Ang mga karapatan ay nakasalalay sa isa't-isa; ang pagtamasa/paglabag sa isang karapatan ay may kinalaman at nakadepende sa pagtamasa/paglabag ng ibang karapatan.

**Imprescriptible | Hindi Lumilipas**

Ang mga karapatang pantao ay **walang nakatakdang panahon ng paglipas** o expiration period.

**Accountability at Rule of Law | May Pananagutan**

May pananagutan ang Estado bilang **duty bearer** na **isakatuparan ang karapatang pantao** ng mamamayan bilang claim/rights holders.

Ang karapatang pantao ay isang **kontrata** sa pagitan ng Estado na ipatupad ang mga karapatan at ng mga mamamayan na angkinin ang kanilang mga karapatan.

**Empowerment | Kapangyarihan sa Mamamayan**


Mas tinatangkilik ang mga istratehiya na **nagpapalakas sa mga mamamayan at komunidad**.

**Participation at Inclusion | Partisipasyon**


Nangangailangan ng **mataas na antas ng pakikilahok** ng mga komunidad, civil society, mga katutubo, kababaihan, at iba pa.

Ang pakikilahok ay dapat **"aktibo, malaya, at makabuluhan"** at hindi pormalidad o mga seremonyal na kontrata.


**UNIVERSAL**
**Para sa Lahat**
**Pangkalahatan**



**INALIENABLE**
**Hindi Matatanggal**
**Hindi Mahihiwalay**




**INDIVISIBLE**
**Pantay-Pantay**
**Hindi Nahahati**




**INHERENT**
**Likas**



**INTERRELATED**
**AT INTERDEPENDENT**
**Konektado, Magkaugnay**



**IMPRESCRIPTIBLE**
**Hindi Lumilipas**



**ACCOUNTABILITY**
**AT RULE OF LAW**
**May Pananagutan**



**EMPOWERMENT**
**Kapangyarihan**
**sa Mamamayan**



**PARTICIPATION**
**AT INCLUSION**
**Partisipasyon**



## IBA'T-IBANG URI NG KARAPATANG PANTAO

**Civil and Political Rights (CPR)**
**Mga Karapatang Sibil at Pulitikal**

Ang mga karapatang sibil ay mga karapatang pumapatungkol sa pamantayan ng paghuhukom o paghuhusga at sa sistema ng pagpa-parusa sa mga napatunayang nagkasala.

Narito ang ilan sa mga karapatang sibil:

**Right to Life |** Karapatang mabuhay

**Liberty and Security of Persons |** Karapatang maging malaya at kara-patang maging ligtas

**No Torture and Inhumane Treatment |** Karapatan laban sa pagpapa-hirap at hindi makataong pagpaparusa

**Recognition as Person Before the Law |** Karapatang kilalanin saan mang dako bilang isang tao sa harap ng batas

**Equality Before the Law |** Karapatang pagkakapantay-pantay sa harap ng batas

**Right to a Fair Trial |** Karapatan sa isang makatarungan at hayag na paglilitis

**Right to be Considered Innocent Until Proven Guilty |** Karapatang ituring na walang sala hanggang hindi napatutunayang nagkasala

**Right to Travel |** Karapatang maglakbay

Ang mga karapatang pulitikal ay mga karapatang may kinalaman sa partikular na bahagi ng pakikilahok sa pampulitikang kapangyarihan.

Narito ang ilan sa mga karapatang pulitikal:

**Right to Free Speech and Expression |** Karapatang ipahayag ang sariling opinyon at damdamin

**Right to Organize |** Karapatang makilahok at mag-organisa ng mga samahan

**Right to Peaceful Assembly and Association |** Karapatan na magdaos ng mapayapang pagpupulong at pagsasamahan

**Right to Vote and Take Part in Governance |** Karapatang bumoto at ihalal bilang opisyal ng gobyerno

**Right to Access Legal Services |** Karapatang magka-akses sa serbisyo ng batas at mga abogado



**Economic, Social, and Cultural Rights (ESCR)**
**Mga Karapatang Ekonomiko, Sosyal, at Kultural**

Ang mga karapatang ekonomiko ay tumutukoy sa mga karapatang umiikot sa larangan ng paggawa, produksyon at serbisyo sa tao. Narito ang ilan sa kanila:

**Right to Work |** Karapatan sa paggawa

**Right to Just Compensation |** Karapatang tumanggap ng sapat na sweldo o sahod

**Right to Promotion |** Karapatang maitaas ang posisyon sa trabaho

**Right to Rest and Leisure |** Karapatan sa pamamahinga at paglilibang

**Right to Organize a Union |** Karapatang mag-organisa ng unyon

Ang mga karapatang sosyal ay tumatalakay sa mga pamantayan at uri ng pamumuhay ng lahat ng tao. Narito ang ilan sa kanila:

**Right to Social Security |** Karapatan sa kapanatagang panlipunan (SSS, GSIS)

**Right to Social Services |** Karapatan ng pamilya na mangalagaan at maka-akses ng serbisyo ng gobyerno

**Right to Adequate Standard of Living |** Karapatan sa isang pamantayan ng pamumuhay na sapat para sa kalusugan at kagalingan

**Right to Health |** Karapatang maka-akses sa serbisyong pangkalusugan at medikal

**Right to Education |** Karapatang maka-akses sa maayos na edukasyon

Ang mga karapatang kultural ay tumatalakay sa buhay pang-kultura. Kabilang din dito ang kultura ng iba't-ibang lahi, sining, at agham. Narito ang ilan sa kanila:

**Right to Participate in Cultural Life |** Karapatang lumahok nang malaya sa buhay pangkalinangan ng pamayanan

**Right to Protect One's Own Work |** Karapatang pangalagaan ang sariling likha (copyright, trademark)



## Kung susumahin, ang mga karapatang pantao ay siyang mga instrumento upang ipalaganap, pagtibayin, at isakatuparan ang halaga ng pagiging tao.

Ang mga ito ang siyang nagtatakda ng mga kondisyon at sitwasyon para sa paglikha, pagsasakatuparan, at pagyabong pang lalo ng buhay bilang indibidwal at bilang isang sambayanan.

**Ang Ugnayan ng Pamamahala, Pag-unlad, at mga Karapatang Pantao**

Sa paglalatag ng mga batayang ideyang patungkol sa tatlong konseptong ito, mababatid na malinaw na maiuugnay ang mga ito sa isa't isa.

Gawin nating halimbawa ang karapatan sa edukasyon. Sa Pilipinas, kinikilala ang kahalagahan ng papel ng edukasyon at pagkakatuto upang ang mamamayan ay magkaroon ng mas mainam na pagkakataong mapaunlad ang kanilang buhay.

Upang maisakatuparan ito, pinapamahalaan ng gobyerno, sa pamamagitan ng Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ang mga pamantayan, pagpapalakad, at pagpapalago ng sistema ng edukasyon sa bansa.

Nariyan ang mga programa upang magpatayo ng mga dagdag na silid-aralan; mga pamantayan sa pagtuturo ng iba't-ibang asignatura at kalinangan; mga iskolarship para sa mga natatanging mag-aaral. Mahalaga rin ang papel ng pagsusulong ng patuloy na reporma gaya ng pagpapatalas ng curriculum, ang pagsisimula ng sistemang K-12, at ang pagsasabatas ng libreng edukasyon sa kolehiyo.

## Mahalagang bigyang-diin ang puntong sa tao dapat nagsisimula at natatapos ang anumang gawaing pag-unlad.

Dahil ang pamamahala ay isang mahalagang instrumento upang makamit ang pag-unlad, kinakailangang kilalanin ng lahat ng bumubuo sa pamahalaan ang mga obligasyon at pananagutan patungo sa pagsasakatuparan ng lahat ng karapatan ng lahat ng mamamayan.

### Mga Kahinaan ng Ugnayan

Bagama't kinikilala ang mahalagang ugnayan ng pamamahala, pag-unlad, at ang ating mga karapatang pantao, hindi rin maikakailang marami pa ring taglay na kahinaan ang mga sistemang nagsu-sulong ng mabisa at matagumpay na pagtupad sa mga mabubuting hangarin ng mamamayan.

Batid natin ang mga problema ng laganap na kurapsyon, kakulangan ng pondo, at kahinaan ng political will ng mga namumuno bilang ilan sa mga pangunahing balakid sa pag-unlad at maayos na pamumuhay ng lahat.

Nariyan din ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan. Mula sa mga kaso ng extrajudicial killings (EJKs), pag-uusig nang walang due process, pagpapabaya sa mga marhinalisadong sektor gaya ng mga katutubo, at ang patuloy na pamamayani ng kahirapan sa bansa—ang mga ito ay patunay na hindi pa lubusang tumatatag ang pagtalima ng lipunan, lalo na ng mga namamahala, sa mga prinsipyo ng karapatang pantao na atin sanang gabay upang makamtan ang buhay na masagana't may dignidad.

## Sa madaling salita, ang mga problema sa pag-unlad ay mga problema rin sa karapatang pantao.

Gayundin, walang makabuluhang pag-unlad ang magaganap hang-gang hindi natatamasa ng lahat ang kanilang mga karapatan.

# MGA DAPAT TANDAAN

## Sa Pamamahala

- Susi sa pamamahala ang pagpapasya para sa kabutihan ng lahat.
- Hindi lamang ang gobyerno at mga kawaning bumubuo rito ang siyang may papel sa pamamahala.
- Civil Society ang katawagan sa mga kalahok sa pamamahala maliban sa pamahalaan at militar.
- Mga halimbawang kabilang sa civil society: Non-government organizations (NGOs), peoples' organizations (POs), midya, mga lider ng simbahan, organisasyon ng mga magsasaka, at iba pa.

## Sa Pag-unlad

- Maaaring may kanya-kanyang pagpapakahulugan sa pag-unlad ang bawat tao.
- Nakasentro dapat sa tao ang anumang proseso ng pag-unlad, lalo na sa mga bulnerable at marhinalisado, gaya ng mga mahihirap.
- Para sa UNDP, ang pangunahing layunin ng pag-unlad ay ang pag-abot sa mga kondisyon kung saan ang lahat ay maaaring magtamasa ng mahaba, malusog, at nakapangyayamang buhay.
- Inilunsad ng United Nations (UN) noong 2015 ang 2030 Agenda for Sustainable Development para sa lalong maisulong ang pagkamit ng kapayapaan at pagsasakatuparan ng pag-unlad para sa lahat ng tao at sa daigdig.

# MGA DAPAT TANDAAN

## Sa mga Karapatang Pantao

- Ang pag-respeto, pag-protekta, at pagpapatamasa ng mga karapatan ang susi sa pagsasakatuparan ng hangarin ng pamamahala at pag-unlad.

- Mas mabibigyan pang linaw ang kaugnayan ng karapatang pantao sa pamamahala kung titingnan natin ang mga partidong kasangkot.

- Rights holders ang mga mamamayan o ordinaryong indibidwal

- Responsibilidad ng mga rights holders: ipagtanggol, angkinin, at gamitin ang mga karapatang pantao, habang iginagalang ang karapatan ng kapwa

- Duty bearers ang Estado at lahat ng bumubuo nito katulad ng mga kawani ng pamahalaan, kapulisan, military, hanggang sa opisyal ng barangay

- Obligasyon ng mga duty bearers: irespeto, protektahan, at isakatuparan ang mga karapatang pantao

- Ang mga karapatang pantao ay siyang mga instrumento upang ipalaganap, pagtibayin, at isakatuparan ang halaga ng pagiging tao.

# MUNGKAHING GAWAIN

Sa inyong komunidad, mayroon ka bang matutukoy na mga organisasyong kabilang sa civil society? Sino-sino sila at ano ang kanilang mga batayang layunin o pananaw?

Gumawa ng isang database upang maitala ang iyong mga sagot. Halimbawa ng isang database:

| Organisasyon | Mga Kasapi (Indibidwal at/o Sektor) | Mga Layunin at Pananaw ng Grupo |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Para sa'yo, ano ang "pag-unlad"? Paano mo ito binibigyang-kahulugan? Sumulat ng maikling talata o ilang pangungusap tungkol dito.

| |
|---|
| |


UNO
ANTIPOLO

# KABANATA II

## Mga Obligasyon ng Estado at Responsibilidad ng Mamamayan

### ANG MGA OBLIGASYON NG ESTADO SA MGA MAMAMAYAN

Sa naunang kabanata ay tinukoy natin na ang Estado at lahat ng bumubuo nito gaya ng mga kawani ng pamahalaan, kapulisan, militar, at mga opisyal ng barangay ay tinatawag nating mga **duty bearers**.

Sila ang bahagi ng lipunang may obligasyong irespeto, protektahan, at ipatupad ang mga karapatang pantao (respect, protect, and fulfill) patungo sa katuparan ng ating ninanais na pag-unlad.

**Respect |** Igalang

Ang mga duty bearers ay kinakailangang walang ginagawa na hahadlang sa pagtamasa ng mga karapatang pantao.

Halimbawa, mayroon bang mga palisiya o aksyon ang pamahalaang pumipigil sa malayang pagpapahayag ng opinyon at damdamin (Right to Free Speech and Expression)?

Tingnan din, bilang halimbawa, kung sapat ba ang **minimum wage** na nakatakda sa mga manggagawa upang hindi malabag ang kanilang karapatan sa pamantayan ng pamumuhay na sapat para sa kanilang kagalingan (Right to Adequate Standard of Living).

**Protect |** Protektahan

Kinakailangang protektahan ng mga duty bearers ang pagtamasa ng mga karapatang pantao laban sa paglabag ng ibang duty bearers, ibang tao, o partido.

Halimbawa nito ay ang pagsigurong ang isang malaking industriya gaya ng pagmimina ay hindi sumisira sa kalusugan at kaligtasan ng

mga komunidad kung saan sila nagpapatakbo ng kanilang operasyon.

**Fulfill |** Tuparin

Ang mga duty bearers, batay sa kanilang hinahawakang katungkulan, ay kinakailangang magsagawa ng lehislatibo, administratibo, pinansyal, pang-katarungan, at iba pang mga aksyon upang matamasa natin nang buo ang ating mga karapatan.

Tingnan halimbawa ang mga gawain ng ating mga mambabatas. Ang kanila bang mga tinututukan, tinatalakay, at ipinapasang mga batas ay tunay na makapagpapabuti sa kalagayan ng mamamayan?

Tingnan din ang implementasyon ng ating mga batas; ang mga nagpapatupad ba ng mga ito ay nasisigurong hindi ito kumikiling sa ilang sektor lamang sa halip na para sa ikabubuti ng lahat?

Ang tatlong obligasyong ito ang siya nating maaaring gabay o pamantayan upang matukoy kung ano-ano ang mga kahinaan, kalabisan, at kakulangan ng mga duty bearers patungkol sa ating mga karapatan at kung paanong tayong mga mamamayan ay makatutulong sa pag-udyok at pagsusulong na maresolba ang mga ito.



## PAANONG NALALABAG ANG KARAPATANG PANTAO?

Mahalaga ring suriin ang mga pamamaraan kung paano nalalabag ng mga duty bearers ang ating mga karapatan. May tatlong uri ng paglabag:

**Omission |** Hindi Pagtupad

Ito ay ang hindi pagtupad o paggampan ng mga obligasyon at tungkulin ng mga duty bearers hinggil sa karapatang pantao ng mamamayan.

**Commission o Breach |** Tahasang Paglabag

Ito ay ang tahasang paglabag sa karapatang pantao ng mga mamamayan.

**Arbitrary Derogation |** Hindi Makatwirang Suspensyon ng Karapatan

Ito ay mga paglabag na dulot ng hindi makatwirang suspensyon ng mga karapatan at kalayaan tulad halimbawa kapag may **emergency rule, martial law, at/o awtoritaryanismo**.

## ANG MGA RESPONSIBILIDAD NG MAMAMAYAN

**Claim |** Angkinin

Mahalaga ring naipakikita ng mamamayan na mayroon tayong pag-angkin sa ating mga karapatang pantao. Ito ay makatutulong upang mas kilalanin ng mga duty bearers ang kanilang mga obligasyon sa ating mga karapatan, hikayatin silang pahalagahan ang mga ito, at pasiglahin ang mga pagkilos patungo sa lubos na pagtamasa ng ating mga karapatan.

Kalakip ng responsibilidad na ito ang patuloy na pagkalap ng kaalaman tungkol sa ating mga karapatan at ang pagbabahagi ng ating mga pagkakatuto sa ating pamilya at komunidad.

**Defend |** Ipagtanggol

Ang responsibilidad na ipagtanggol ang mga karapatang pantao ay mahalagang bahagi ng pagiging miyembro ng lipunan. Kalakip dito ang pagmamasid at pagmamatyag sa mga aksyon at desisyon ng mga duty bearers upang siguruhing hindi nila nalalabag ang ating mga karapatan.

Sa mga pagkakataong may panganib o banta sa pagtamasa ng ating mga karapatang pantao o kaya ay mga tahasang paglabag ng mga duty bearers, inaasahang mag-uudyok ang mga mamamayan ng pag-kilos upang mahinto ang mga ito at magkaroon ng pananagutan sa mga paglabag na naisagawa.

Halimbawa rito ay ang pagpapahayag ng pagtutol sa mga aksyon ng pamahalaan na nauuwi sa mga paglabag ng karapatang pantao ng mamamayan. Maaari itong isagawa sa pamamagitan ng pagdaraos ng mapayapang pagkilos gaya ng pag-protesta, pagsulat sa mga kina-tawan, pagboto sa mga kasang-ayong mamumuno, at iba pa.

**Enjoy |** Gamitin at Pakinabangan

Mananatiling basal o hindi kongkreto ang ating mga karapatang pan-tao kung hindi natin gagamitin at tatamasahin ang mga ito.

Bilang mamamayan, isang pangunahing responsibilidad ang tiyaking nagagamit at natatamasa natin ang ating mga karapatan. Bahagi nito ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga hindi nakaaalam ng kani-lang karapatan.

Halimbawa na lamang ay ang pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga serbisyong pampubliko na mapakikinabangan o ikabubuti ng ating komunidad. Mabuting inisyatiba rin ang pag-aaral sa mga or-dinansa ng bayan at barangay upang maipakalap ang mga detalye nito sa mga kasamahan sa komunidad.

## Civil Society Bilang Katuwang ng Rights Holders

Kinikilala ang Pilipinas bilang isa sa mga bansa sa mundo na may matatag na civil society. May libo-libong mga organisasyon at grupong naghahatid ng tulong at suporta sa mga mamamayan upang mas matamasa nila ang kanilang mga karapatan.

Maaaring sabihing dulot ito ng sidhi ng pangangailangan at laganap na kahirapan dulot na rin ng malaking kakulangan ng pamamahala. Ngunit tunay ding marami sa ating mga mamamayan ang nagnanais na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkamit ng kaunlaran.

Ang mga organisasyon para sa karapatang pantao, gaya na lamang ng PhilRights, ay mga aktibong tagapagtaguyod at nagsisilbing katuwang ng mga rights holders. Handa at bukas ang human rights movement sa bansa para sa lahat ng nagnanais na tuparin ang kanilang responsibilidad na ipagtanggol, angkinin, gamitin, at pakinabangan ang kanilang mga karapatang pantao.



# MGA DAPAT TANDAAN

- Ang tatlong pangunahing obligasyon ng duty bearers ay:

  Igalang (Respect)
  Protektahan (Protect)
  Tuparin (Fulfill)
  ... ang mga karapatang pantao ng mga mamamayan

- Ang tatlong uri ng paglabag na maaaring maisagawa ng duty bearers ay:

  Hindi Pagtupad (Omission)
  Tahasang Paglabag (Breach)
  Hindi Makatwirang Suspensyon ng Karapatan (Arbitrary Dero-ogation)

- Ang tatlong pangunahing responsibilidad ng rights holders ay:

  Ipagtanggol (Defend)
  Angkinin (Claim)
  Gamitin at Pakinabangan (Enjoy)
  ... ang mga angking karapatang pantao

# MUNGKAHING GAWAIN

Sa inyong komunidad, sino-sino ang matutukoy mong mga duty bearers? Natutugunan ba nila, sa iyong palagay, ang tatlong pangunahing obligasyon nila patungkol sa inyong mga karapatan?

Gamitin ang database na ito bilang gabay sa pagsagot:

| Pangalan/Palayaw ng Duty Bearer | Posisyon sa Pamamahala | Karanasan, Obserbasyon sa kanilang Katungkulan at/o Aktwal na Pakikipag-ugnayan sa kanila |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



# KABANATA III

## Ang Rights-based Approach bilang Balangkas

### Ano nga ba ang Rights-based Approach?

Isinaad natin sa Kabanata I na ang mga problema sa pag-unlad ay mga problema ng karapatang pantao. Samakatuwid, ang pagresolba ng mga problema ng pag-unlad ay nakasalalay sa pagsasakatuparan ng ating mga karapatang pantao.

Sa perspektibo ng karapatang pantao, ang mamamayan ay hindi lamang mga benepisyaryo o tagatanggap. Bawat isa sa atin ay nararapat na maging mga aktibong kalahok at may pagmamay-ari sa proseso ng pag-unlad. Isinasalarawan ng Rights-based Approach (RBA) kung paano ito maisasakatuparan.

## Bilang balangkas, nakatuon ang RBA sa proseso ng pag-unlad ng tao.

Ito ay base sa mga itinakdang internasyonal na pamantayan ng mga karapatang pantao. Tumatakbo ang RBA sa pamamagitan ng pagsulong at pagprotekta ng ating mga karapatan.

Ibig sabihin din nito, binibigyang-diin ng RBA ang mga obligasyon ng mga duty bearers patungo sa pagrespeto, pagprotekta, at pagsasakatuparan ng mga karapatan. Gamit ang mga internasyonal na pamantayan, natutukoy ang mga target na naisin gayundin ang mga partikular na responsibilidad na nakaatas sa mga partikular na duty bearers.

Sa ganitong paraan, mas lumilinaw ang mga pananagutan ng mga duty bearers at responsibilidad ng mga rights holders.

Mahalaga ring bigyang-diin na batay at ibinabagay sa konteksto ang mga inisyatibang RBA. Ibig sabihin, walang isang istriktong interpretasyon sa kung paano ito dapat isabuhay. Inaangkop ng RBA ang mga solusyon ayon sa mga partikular na kalagayan ng isang sitwasyon o problema at gayundin sa partikular na kakayahan ng mga kumikilos upang maresolba ito.

## Ang mga Prinsipyong PANTHER

Higit pang mauunawaan ang RBA kung susuriin natin ang mga pangunahing prinsipyo nito. Masusuma ang mga ito gamit ang PANTHER.

**PARTICIPATION**

**ACCOUNTABILITY**

**NON-DISCRIMINATION**

**TRANSPARENCY**

**HUMAN DIGNITY**

**EMPOWERMENT**

**RULE OF LAW**

## **PARTICIPATION |** PARTISIPASYON

Susi sa pagkamit ng katuparan ng anumang inisyatibang RBA ang partisipasyon ng lahat patungkol sa mga desisyong makaaapekto sa kanila.

Ang bawat kasapi o stakeholder ay kailangang aktibo at armado ng kaalaman upang maging makabuluhan ang partisipasyon. Para sa Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR), mayroong apat na baitang ang partisipasyon[3]:

### **1. Preference Revelation |** Pagpapalitaw ng Naisin

Ito ang inisyal na hakbang sa anumang pagbuo ng palisiya o programa. Sa bahaging ito, mahalagang may papel ang mamamayan sa pagpapahayag kung anong layunin ang nais nilang makamit.

Ibig sabihin, nagmumula dapat sa mamamayan ang pasya sa kung ano ang nararapat na prayoridad ng mga namamahala. May pamamaraan dapat ang mga namumuno upang mabigyang pagkakataon ang mamamayan na bigkasin ang kanilang mga hiling na pagbabago at reporma.

### **2. Policy Choice |** Pagpili ng Patakaran

Sa baitang na ito binubuo ang mga patakaran at mga desisyon patungkol sa isang inisyatiba. At dahil hindi pantay ang kakayahan at oportunidad ng lahat na isulong ang kanilang interes, madalas naiiwan ang interes at ikabubuti ng mga taong bulnerable, marhinalisado, at mga minorya.

3 Office of the High Commissioner for Human Rights. (2006). Principles and guidelines for a human rights approach to poverty reduction strategies. Office of the High Commissioner for Human Rights. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa https://www.ohchr.org/documents/publications/povertystrategiesen.pdf.

Iginigiit ng RBA na mahalagang bigyang-atensyon ang mga grupong ito hindi lamang dahil sa ito ang tama, ngunit dahil maaaring sila rin ang posibleng hindi makinabang o kaya ay negatibo pang maapektuhan ng mga patakarang nabubuo nang wala silang pakikilahok.

### 3. **Implementation |** Pagpapatupad

Nakaatang sa mga duty bearers, partikular sa sangay ng ehekutibo at iba't-ibang tanggapan nito, ang pagpapatupad at pangangasiwa ng mga programa.

Gayunpaman, mainam na may espasyo para sa mamamayan upang makibahagi sa proseso ng implementasyon, lalo na sa kanilang mga kinabibilangang komunidad. Dito lumilitaw kung gaano kahalaga ang partisipasyon ng mga peoples' organizations o POs na siyang maaaring maging masigasig na tagapagsulong ng maayos na pagpapatupad ng mga programa sa kanilang komunidad.

### 4. **Monitoring, Assessment, Accountability |** Pagbabantay, Pagtatasa, Pananagutan

Ang huling baitang ng partisipasyon ay sumasakop sa pagbabantay at pagsusuri sa mga programa kung ang mga ito ba ay nagtagumpay o hindi. Marapat lamang na maging bahagi rito ang mamamayan dahil sila mismo ang maaapektuhan kung hindi maayos na napatatakbo ang isang programa.

Kaakibat ng pagbabantay at pagsusuri dapat ding matukoy ang mga pananagutan ng mga kasangkot na maaaring nagdulot ng pagkabigo ng isang programa. Mahalagang alam ng mamamayan kung ano ang mga patakaran na gumagabay sa paggiit ng pananagutan sakaling may mali, baluktot, o hindi makatuwirang gawain ang mga duty bearers.

## **ACCOUNTABILITY |** PANANAGUTAN

Ang usaping RBA ay nakaangkla rin sa konsepto na dahil nagtataglay ng kapangyarihan at pribilehiyo ang mga duty bearers, marapat lamang silang magtaglay rin ng pananagutan sa anumang hindi mabuting gawain o resulta ng gawain habang sila ay may hawak na tanggapan.

Bilang botante, halimbawa, ang mamamayan ay may pagkakataong piliin ang mga mamumunong may mabuting tala ng paglilingkod. Ang paghalal ng matitinong tao sa pamahalaan ay isa sa pinakaepektibong paraan upang maiparamdam sa mga duty bearers ang pananagutan na nakatali sa kanilang posisyon.

Kaya naman malaki ang epekto sa lipunan kung mayroong iregularidad at panlilinlang sa halalan gaya ng pandaraya at pagbili ng boto. Naaalis sa mga mamamayan ang karapatan nilang mapamunuan ng mga taong magiging tapat sa kanilang serbisyo.

At habang nanunungkulan, may mga proseso rin ng pananagutan para sa mga duty bearers na nakasalalay sa mga batas at alituntuning gagabay sa kanilang paglilingkod. Nariyan ang mga batas laban sa kurapsyon, mga **code of ethics** para sa mga kawani, at mga independyenteng tanggapan gaya ng **Commission on Human Rights (CHR)** na may kakayahang idiin ang pananagutan ng sinumang duty bearer na lumalabag sa mga alituntunin.

Sa RBA, iginigiit na ang mga mekanismo ng pananagutan ay dapat pang palakasin upang mabawasan ang mga pagkakataong bukas sa mga mananamantala ng kanilang kapangyarihang taglay bilang duty bearer.

Ang mga mekanismo tulad ng regular na pag-uulat sa pagpapatakbo ng isang programa, mga hotline upang maiparating ang puna o reklamo, at mga pagsusuring gamit ang mga internasyonal na pamantayan at lokal na mga batas at patakaran ay ilan lamang sa mga paraan upang masigurong may pananagutan.

## **NON-DISCRIMINATION |** WALANG PAGTATANGI

Ang lahat ng karapatang pantao ay para sa lahat o **all human rights for all** ay hindi lamang isang panawagan, bagkus, ito ang pangunahing giit sa anumang pagtataguyod ng karapatang pantao.

Ibig sabihin, hindi dapat magkakaroon ng pagtatangi sa pagtrato sa sinuman sa anumang kadahilanan, ito man ay kasarian, relihiyon, kalagayan sa lipunan, etnisidad, wika, kultura, at iba pa.

Ang pagkakapantay-pantay ng lahat ay isang naisin na hindi pa rin nakakamit. Sa harap ng batas, halimbawa, ay wala dapat pagtatangi, ngunit pamilyar tayo sa napakaraming halimbawa ng hindi patas na pagpapatupad at paglalapat ng batas.

May pagsusuri din ng mga sistema at gawain ng pamahalaan na naglalapat ng hindi makatarungang mga desisyon at aksyon laban sa mga bulnerable at marhinalisadong sektor gaya ng mahihirap, mga bata, mga kababaihan, mga nakatatanda, mga miyembro ng LGBTQIA+, mga may kapansanan, mga katutubo, at iba pa.

Bahagi rin ng pagtingin sa prinsipyong ito ang pagsiguro ng pamahalaan na ang mga nasa pribadong sektor gaya ng mga negosyo at makapangyarihang pribadong indibidwal ay walang ginagawang pagkilos na nauuwi sa diskriminasyon o pagtatangi sa mga mamamayan dahil sa anumang partikular na katangian.

## **TRANSPARENCY |** PAGIGING BUKAS

Ang proseso at mga resulta ng anumang programa ng pamamahala ay dapat bukas at lantad sa mga mamamayan.

Malaking bahagi ng pagsasakatuparan nito ay nakasalalay sa kakayahan ng mga duty bearers na ipahayag at ibahagi ang kanilang mga gawain, desisyon, at mga nakamit sa paraang maagap at nauunawaan ng mamamayan.

Kinakailangang bukas ang mga namamahala sa kanilang mga desisyon at kung paano nabuo ang mga ito. Mayroon din dapat pagsasaalang-alang sa pamamaraan ng komunikasyon upang maiwasan ang mga lubhang teknikal o kumplikadong mga pagpapaliwanag na hindi maaabot ang nakararami.

Mahalaga ring malinaw ang pagtatala ng mga gawain ng isang programa at mga kaakibat na responsibilidad ng mga taong sangkot dito.

Bukas din dapat ang mga mekanismo ng pagbibigay-puna, reklamo, o reaksyon sa itinatakbo ng isang programa.

## **HUMAN DIGNITY |** DIGNIDAD NG TAO

# Likas sa tao ang kanyang dignidad. Hindi ito iginagawad ng anumang batas, konstitusyon, o ng ibang tao; ito ay taglay ng lahat.

Ang layunin ng pag-unlad at pagsasakatuparan ng karapatang pantao ay nag-uugat sa pangangailangang proteksyunan at irespeto ang dignidad ng bawat tao.

Lantad ang resulta sa isang lipunang hindi nabibigyang pagpapahalaga ang dignidad ng tao. Ang problema ng kahirapan, halimbawa, ay isang realidad na mayroong negatibong epekto sa dignidad ng lahat ng nakararanas nito.

Dahil sa kahirapan, napagkakaitan ang isang tao na pakinabangan ang mga karapatang dapat niyang natatamasa. Ang karapatan sa sapat na pagkain, magkaroon ng maayos na tirahan, magkaroon ng malusog na pangangatawan at kaisipan, ay ilan lamang sa mga karapatang hindi lubos na natatamasa ng mahihirap.

Dahil din sa kahirapan, humihina ang kakayahan ng isang taong igiit at itaguyod ang kanyang sarili upang makalaya mula rito. Ang karapatan sa dekalidad na edukasyon, kung natatamasa, ay dapat sanang magbubukas ng oportunidad upang magkaroon ng maayos na hanapbuhay na siya namang magbibigay ng higit na pagkakataong maiahon ng isang tao ang sarili sa kahirapan.

**Gaya nga ng madalas nang nasasabi, ang kahirapan ay nagsasanhi ng diskriminasyon, at ang diskriminasyon ay nauuwi sa paglala ng kahirapan.**

Upang mabasag ang suliraning ito ng pag-unlad, iginigiit ng RBA na bigyan ng pagpapahalaga ang likas na dignidad ng tao sa bawat proseso at sa bawat desisyon na kaakibat ng pagpapatupad nito.

## **EMPOWERMENT |** PAGPAPALAKAS

Ang pagpapalakas ng mamamayan ay prinsipyo ng RBA. Bunga ito ng paninindigan na ang mamamayang may taglay na kaalaman at kasanayan ay magiging ibayong kabahagi sa pagpapatatag ng lipunan at pagkamit ng inaasam na pag-unlad.

Kaakibat ng prinsipyong ito ang pagpapalawig ng mga espasyo sa pamamahala at mga proseso ng pag-unlad, lalo na ng mga taong bulnerable at marhinalisado na pinakalubos na maaapektuhan ng anumang programa.

Kasama rin dito ang pagpapalakas ng kakayahan ng mamamayan na angkinin at ipaglaban ang kanilang karapatang pantao. Kailangang bahagi ng edukasyon ng lahat ang pagpapatibay ng kaalaman tungkol sa kanilang mga karapatan at ang mga pamamaraan upang makamit at maipagtanggol ang mga ito.

Gayundin, mahalagang igiit sa mga duty bearers kung ano-ano ang kanilang mga obligasyon at mga tungkulin na nakapaloob sa kanilang taglay na katungkulan.

## **RULE OF LAW |** PANANAIG NG BATAS

Ang bawat kasapi ng lipunan ay inaasahang sumusunod sa batas at sa mga patakarang nakapaloob dito.

Ang prinsipyo ng rule of law ang siyang nagsisiguro na ang lahat ay may pananagutan sa batas. Ibig sabihin, ang paglabag sa batas ay may karampatan at makataong paglapat ng katarungan.

Sa isang lipunang may matatag na rule of law, ang batas at ang pagpapatupad nito ay walang kinikilingan at pinapaboran. Ang sangay ng hudikatura ay maagap, balanse, at malayang makapagpapasya hinggil sa mga usapin ng katarungan nang walang pakikialam ng ibang sangay.

Mahalaga rin na ang mga tagapagpatupad ng batas ay ginagabayan ng mataas na pamantayan sa paglilingkod at sa paggamit ng kanilang kapangyarihan. Kinakailangan ito upang masigurong hindi sila aabuso at hihigit sa kinakailangan ng kanilang katungkulan.

Rights holder man o duty bearer, ang lahat ay inaasahang kabahagi sa pagpapatatag ng rule of law sa pamamagitan ng pagsunod sa batas, pagbabantay sa pagpapatupad nito, at paggiit ng pananagutan sakaling ito ay abusuhin o samantalahin ng sinuman.

Sa RBA, kinikilala na ang anumang layuning pag-unlad ay hindi makakamit kung ang mga miyembro ng lipunan ay hindi ginagabayan ng rule of law. Lalo't higit sa pagsasagawa ng tungkulin ng duty bearers, tinitingnan kung ang kanilang mga gawain ay may pagpapahalaga sa batas at may pagkilala sa pananaig ng katarungan kung sila ay lumalabag sa mga ito.


BALLOT

# MGA DAPAT TANDAAN

- Ang rights-based approach (RBA) ay isang balangkas na nagbibigay-linaw sa pananagutan ng mga duty bearers at responsibilidad ng rights holders para maisulong at maprotektahan ang ating mga karapatan.

- Ang RBA ay kailangang iakma sa partikular na kalagayan, sitwasyon, at sa kakayanan ng mga kumikilos na isapraktika ito.

- Ang mga prinsipyong PANTHER: Participation (Partisipasyon), Accountability (Pananagutan), Non-Discrimination (Walang Pagtatangi), Transparency (Pagiging Bukas), Human Dignity (Dignidad ng Tao), Empowerment (Pagpapalakas), Rule of Law (Pananaig ng Batas)

# MUNGKAHING GAWAIN

Sa pamamahala sa inyong komunidad, nasusunod ba ang mga prinsipyong PANTHER? Magtala ng mga karanasan sa isang database tulad nito:

| Prinsipyo ng RBA | Lagyan ng Tsek o Ekis kung Nasusunod o Hindi | Karanasan |
|---|---|---|
| Partisipasyon | | |
| Pananagutan | | |
| Walang Pagtatangi | | |
| Pagiging Bukas | | |
| Dignidad ng Tao | | |
| Pagpapalakas | | |
| Pananaig ng Batas | | |



# KABANATA IV

## Pagsasabuhay ng Rights-based Approach: Gabay ng Mamamayan

### PAGSUSULONG NG RBA SA KOMUNIDAD

Ang mga peoples' organizations, NGO, at mga concerned citizens ay may mahalagang papel sa pagsusulong ng RBA sa kanilang lugar. Narito ang ilang minumungkahing hakbang upang masimulan ang RBA sa isang komunidad.

### 1. Oryentasyon sa mga Batayang Konsepto ng Karapatang Pantao

Bagama't kinikilala ng mga tao ang kanilang karapatan, marami pa rin ang maaaring may kakulangan o 'di kaya ay may maling pagkaunawa sa mga konseptong nakapaloob dito.

Upang siguradong nagkakasundo ang pag-unawa ng lahat, mahalagang magdaos ng kahit isang pagpupulong upang mailatag ng isang bihasa ang mga batayang konsepto ng karapatang pantao.

Kasama sa aasahang usapin ay ang mga prinsipyo at uri ng karapatang pantao, ang konsepto ng rights relationship (duty bearers at rights holders), at mga obligasyon ng Estado.

Makabubuti kung isang nakapagsanay na sa pagbabahagi o pagtuturo ng karapatang pantao ang magpadaloy sa pulong. Mabuti ring sumangguni sa mga human rights organizations gaya ng PhilRights na maaaring magbigay ng payo, gabay, risorses, at maging mga facilitator o tagapagsanay na siyang magpapatalas ng disenyo at pangangasiwa ng sesyon.

Sa mga ganitong sesyon, minumungkahi ring subukan ang mga praktika ng popular education. Ito ay isang larangan ng edukasyon kung saan ang tagapag-aral ay aktibong kabahagi ng proseso ng pagkakatuto. Bukod sa dagdag-kaalaman, may paghihimok din ang popular education na itaas ang kamalayan ng mga tagapag-aral sa mga usaping tinatalakay at sa kalakhang lipunan.

Asahang magkakaroon ng masiglang talakayan at maging debate sa mga usapin. Dahil dito, mahalaga ang papel ng tagapagpadaloy sa pagtitiyak na hindi lumilihis ang grupo sa nakatakdang programa.

Masasabing tagumpay at epektibo ang isang oryentasyon kung ang karamihan, kung hindi man lahat, ng dumalo ay magkakaroon ng kakayahan at interes na ibahagi ang kanilang bagong kaalaman sa iba.

Masusukat din ang kahusayan ng oryentasyon sa pamamagitan ng pagtatala ng interes ng mga dumalo sa maaaring mabuong plano patungo sa pagsusulong ng karapatang pantao bilang pamantayan upang mapabuti ang kalagayan ng isang usapin o problema sa komunidad.



## 2. Magsagawa ng Human Rights Situation Analysis

Upang mas luminaw ang kalagayan ng karapatang pantao sa inyong lugar, maaaring magsagawa ng situation analysis. Mahalaga ito upang lumitaw ang partikular na usapin, suliranin, at balakid na nakaaapekto sa pagtamasa ng karapatang pantao ng mga tao sa komunidad.

Maraming paraan upang maisagawa ito, mula sa mga sistematikong instrumento ng pagsasaliksik hanggang sa mga impormal na pagpupulong. Anuman ang pamamaraang gagamitin, sikaping may makabuluhang pakikilahok ang mga taga-komunidad. Gayundin, maaaring sumangguni sa mga human rights organizations upang patalasin pang higit ang gawaing ito.

## 3. Pag-aralan ang Isyu na Nais Bigyang-Pansin

Bagama't maraming isyu o usapin ang nais at marapat tutukan, marapat ding ituring na lubhang mahirap na talakayin at resolbahin ang bawat isyung lilitaw sa situation analysis.

Sa puntong ito papasok ang pagtukoy ng mga prayoridad ng grupo. Anuman ang maging basehan ng pagpili, gamiting gabay ang mga prinsipyo ng karapatang pantao ng RBA. Tandaang ang ating mga karapatan ay magkakaugnay, kaya naman ang pagtutok sa isang usapin o aspeto ng karapatang pantao ay magkakaroon din ng epekto sa iba pang karapatan.

Pag-aralan ang isyung napili upang bigyang-pansin. Ilatag at suriin ang mga karanasan ng komunidad sa isyung ito, at kausapin ang mga kasaping may direktang karanasan upang mas higit pa itong maunawaan.

Sa pagpapalalim ng pagkakaunawa sa isyu, lilitaw din ang mga istratehiya upang malutas o maibsan ang mga ito. Lilinaw din ang mga maaaring balakid o hamon sa ikatatagumpay ng gawain.

## 4. Magbuo ng Kongkretong Plano

Sa pagpaplano matutukoy ang mga partikular na hakbang, istratehiya, at mga kakailanganin sa inisyatiba. Sa puntong ito, mahalagang gamitin pa ring gabay ang mga prinsipyo ng RBA.

Ang planong bubuuin ay kinakailangang masagot ang mga katanungan sa pagpapatupad. Halimbawa, sino ang mga kasangkot, kailan at gaano katagal ang inisyatiba, ano-ano ang mga resources na kailangan at saan ito magmumula.

Mainam mang magkaroon ng isang detalyadong plano, iwasan din namang gawin itong masyadong kumplikado at malawak. Ibig sabihin, kailangang may matalas na tutok ang mga kilos upang hindi masayang ang enerhiya at lakas na gagamitin.

Huwag ding mag-alala kung hindi agad masasakop ng plano ang lahat ng naisin. Sa paglalatag ng mga gawain, maaaring tingnan ang pagkamit ng kaginhawaan bilang isang komprehensibong proyekto na naisasakatuparan mula sa isang yugto patungo sa susunod.

## 5. Maghanap ng mga Kaalyado

Gaano man kasigasig ang isang grupo, mangangailangan pa rin ito ng mga katuwang upang tumaas ang tsansang magtagumpay ang mga layunin nito. Ang bawat bahagi ng plano ay maaaring may mga partikular na tutugmang mga kaalyado't kaalalay.

Sa pagtukoy ng mga kaalyado, pagbatayan ang isyung kinakaharap, ang uri ng mga gawaing nakalatag, at ang kakayahang makipag-ugnayan sa iba't-ibang grupo at indibidwal.

Maaaring makatuwang ang mismong mga kawani ng estado, mga nahalal na opisyal, mga pinuno sa komunidad, mga human rights organizations, mga grupong pang-simbahan o sibiko, mga negosyo, at maging ang midya.

Gayunpaman, mahalaga pa ring pag-aralan ang bawat pakikipag-ugnayan. Walang kasiguraduhan na ang bawat lalapitan ay makapag-aabot ng tulong. Wala ring kasiguraduhan na walang magiging negatibong epekto sa inisyatiba ang isang ugnayan. Sa bawat pagkakataon, siguraduhing may pag-iingat at pagbabantay sa proseso.

## 6. Subaybayan at Suriin ang Implementasyon

Habang pinatatakbo ang isang inisyatibang RBA, mahalagang may kaakibat itong pagsusubaybay at pagsusuri. Mahalaga ito upang maiwasang malihis ang direksyon ng plano at maagapan ang anumang suliraning lilitaw sa implementasyon.

Siguraduhing may regular na pagtatala ng mga pagkilos at kung paano naisasagawa ang mga ito. Tingnan din kung may mga namumuong suliranin sa pagpapatupad upang maagapan agad ang mga ito. Mahalagang bukas ang mga kasapi sa mga feedback na matatanggap mula sa komunidad, ito man ay positibo o negatibo.

Ang maagap na pagtukoy sa mga lilitaw na isyu sa implementasyon ay isa sa mga susi upang mapagtagumpayan ang layunin ng inisyatiba.

## 7. Pagninilay at Pagkakatuto

Mahalagang may proseso ng pagninilay sa pagwawakas ng isang inisyatiba. Dito lilitaw ang mga natutunan at natuklasang kaalaman. Ano-ano nga ba ang mga istratehiyang epektibo? Saang yugto bumagal, nahinto, o sumabit ang isang plano? Sino-sino ang mga pinakamabisang kaalyado? Ano ang mga naging kamalian at pagkukulang?

Upang lalo pang mapagyaman ang proseso ng pagninilay, mahalagang komportable ang lahat na magpahayag ng kanilang mga tunay na palagay. Kung tapat ang mga kasapi sa kanilang pagsusuri, mas mataas ang tsansang makakalap ng maraming pagkakatuto.

Ang pagsusuring ito ang siyang magbibigay-bunga sa mas pagpapalinaw pa ng mga susunod na plano at hakbang.



## MGA MEKANISMO PARA SA PARTISIPASYON NG MAMAMAYAN

Ang pagsusulong at adbokasiya para sa karapatang pantao ay higit pang maisasabuhay kung may pakikipag-ugnayan ang grupo sa local government unit o LGU.

Sa katunayan, malinaw sa Saligang Batas ng 1987 (Artikulo II, X, at XIII) na marapat bigyang-pagpapahalaga ng pamahalaan ang pagbibigay ng pagkakataon sa mamamayan na makisalamuha sa mga gawain ng pamamahala. Nariyan din ang Local Government Code ng 1991 o R.A. 7160 na iginigiit na dapat bigyang-espasyo ang partisipasyon ng mamamayan sa pamamahala.

Ayon kay Propesor Roland G. Simbulan, isang bihasa sa mga araling pag-unlad, partikular na dapat tutukan ng mamamayan sa pamamahala ang mga sumusunod[4]:

a. **Paggamit ng kaban ng bayan para sa mga proyekto at programa;**

b. **Pagsubaybay sa pagganap sa tungkulin ng mga namumuno at kawani; at**

c. **Pagkalap ng impormasyon sa mga gawain at kilos ng pamahalaan at paggiit ng akses sa mga detalyeng kaugnay nito.**

May iba't-ibang pamamaraan upang ang mga peoples' organizations, non-government organizations, at mga concerned citizens ay magkakaroon ng papel sa lokal na pamamahala.

4 Simbulan, R. G. (n.d.). The Prospects of Participatory Local Governance and Development Work in the Aquino Administration. Fellows Speak. Davao City. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa http://www.cenpeg.org/fellows_speak/simbulan/The_Prospects_of_Participatory_Local_Governance.html.

## Konsultasyon

Isang mahalagang aspeto ng partisipasyon ang masusing pagsusuri ng mamamayan sa mga hinahain o pinaplanong mga proyekto at programa ng lokal na pamahalaan. Maging ang mga plano ng mga negosyo at iba pang grupong nais magkaroon ng presensya sa isang komunidad ay dapat ding hinahain sa mga mamamayan upang masuri at maaprubahan.

## People's Initiative

Ang isang grupo o indibidwal ay maaaring magmungkahi ng mga hakbang o ordinansa para sa ikabubuti ng komunidad. Gayundin, maaaring tingnan ang mga kasalukuyang ordinansa at maglatag ng mga mungkahing amyenda o pagbabago sa mga ito.

Ang mga sangguniang barangay, bayan, lungsod at probinsya ay marapat ding naglalahad ng ulat sa kanilang mga naisagawa para sa komunidad. Katapat nito ang pagkakataon naman ng mga residenteng marinig ito at maghain ng kanilang komento at mga katanungan.

## Representasyon ng mga Sektor

Inaasahan ding ang sanggunian ay maging bukas para sa representasyon ng mga partikular na sektor gaya ng sa kababaihan, sa maralitang tagalungsod, mga katutubo, mga persons with disability (PWDs), at iba pa. Alamin sa inyong lugar kung ano ang mga pagkakataong bukas na para sa mga sektor na ito.

## Mga Asembleya

Depende sa lugar, ang iba't-ibang LGU ay mayroon ding mga kanya-kanyang asembleya kung saan maaaring makilahok ang mamamayan. Nariyan ang school board, ang health board, ang bids and awards committee, konseho sa pabahay, ang lokal na development council, at konseho para sa mga kooperatiba.

## MGA SERBISYONG LGU NA MAY DIREKTANG AKSES ANG MAMAMAYAN

Bunga ng Local Government Code ng 1991, may limang serbisyo ang isinalin mula sa nasyunal na pamahalaan patungo sa lokal na pamahalaan. Ang mga ito ay:

**a. Agrikultura;**

**b. Kalusugan;**

**c. Kagalingang Panlipunan o Social Welfare;**

**d. Pagawain at Lansangang Bayan o Public Works and Highways; at**

**e. Proteksyon ng Kapaligiran.**

Sa lima pa lamang na mga serbisyong ito ay malinaw na napakalawak ng sakop na responsibilidad at obligasyon ng mga lokal na pamahalaan pagdating sa kanilang mga komunidad na pinagsisilbihan.

Gayundin naman, hamon sa mga mamamayan na bigyang-pokus ang pagpapahatid ng mga serbisyong ito ng mga kawani ng lokal na pamahalaan. Gamit ang mga mekanismong nabanggit sa naunang bahagi, maaaring maiparamdam sa mga namumuno na ang mamamayan ay handang makibahagi sa epektibong pagpapatupad ng mga programang ikabubuti ng lahat.

## GABAY SA PROSESONG LEHISLATIBO SA LGU

Ang lehislatibong gawain ng lokal na pamahalaan ay may sinusundang herarkiya o baitang. May dalawang uri ng lehislatibong materyal ang nabubuo sa mga lokal na pamahalaan. Ang mga ito ay ang:

1. **Ordinansa –** lokal na batas na gumagabay sa mga tao at/o ari-arian; ito ay may pwersa ng batas at maaaring may tinatadhanang parusa o pananagutan sa mga lalabag; at
2. **Resolusyon –** pagpapabatid ng isang opinyon o damdamin ng sanggunian pagdating sa isang usapin o kaganapan.

Ang sangguniang panlalawigan ay pinamumunuan ng bise-gobernador; ang sa lungsod o bayan ng bise-alkalde, at sa barangay ng punong barangay. Ang mga pinunong ito ay maaari lamang bumoto kapag nagkaroon ng tie sa botohan.

**Narito ang prosesong lehislatibong sinusunod sa pagpapa-apruba ng isang ordinansa:**

1. Ang isang panukalang ordinansa ng kasapi ng sangguniang barangay ay dadaan sa unang pagbasa o first reading kung saan mabibigyan ito ng bilang, titulo, awtor, at ng komiteng didinig nito.

2. Ang komiteng naatasan sa panukalang ordinansa ay magdadaos ng mga pagdinig o committee hearing kung saan susuriin at pag-uusapan ang nilalaman ng ordinansa. Sa prosesong ito rin magaganap ang negosasyon kung kinakailangan ng amyenda, pagpapalit, o konsolidasyon sa nilalaman.

3. Matapos mapagkasunduan ang bersyon ng ordinansang katanggap-tanggap sa komite, maglalabas ito ng isang committee report na i-eendorso naman sa Committee on Rules upang ma-rebyu.

4. Ang second reading ay ginaganap upang dinggin ng buong sanggunian ang bersyong nabuo ng komite, pagpulungan ang mga mungkahing pag-amyenda at pagkasunduan ang isang pinal na bersyon.

5. Sa third reading ipamamahagi sa lahat ng kasapi ng sanggunian ang pinal na bersyon at pagkatapos ay magdadaos ng botohan sa pamamagitan ng roll call. Sa antas ng barangay, ang punong barangay ang siyang pipirma sa aprubadong ordinansa. Kapag na-aprubahan ang ordinansa, isusumite ito sa tanggapan ng mayor para i-rebyu.

6. Kung may nakitang bahagi sa ordinansa na hindi naaayon sa umiiral nang mga batas, mayroong tatlumpung (30) araw ang sangguniang bayan o lungsod upang ibalik ang ordinansang may kalakip na rekomendasyon ng pag-amyenda.

7. Kung sa loob ng tatlumpung (30) araw mula pagkatanggap ay walang aksyon o pinataw na opinyon ang sangguniang bayan o lungsod, maaaring ituring na aprubado na ang ordinansa ng sangguniang barangay.

8. Sa antas naman ng bayan o lungsod, ang naipasang ordinansa ay kailangang isumite sa loob ng tatlong (3) araw mula pagkapasa patungo sa sangguniang panlalawigan upang ma-rebyu ng abogado o prosecutor ng probinsya.

9. May sampung (10) araw ang abogado o prosecutor ng probinsya upang suriin ang naipasang ordinansa ng sangguniang bayan o lungsod at magbigay ng kasulatang opinyon na naglalaman ng mga komento o rekomendasyon. Ang opinyong ito ang siyang gagamiting basehan ng sangguniang panlalawigan kung aaprubahan ang natanggap nilang ordinansa mula sa bayan o lungsod.

10. Kung sa loob ng tatlumpung (30) araw ay walang aksyon ang sangguniang panlalawigan, ituturing nang wasto at may bisa ang naipasang ordinansa ng sangguniang bayan o lungsod.

## PAGSULONG NG ORDINANSA

Sa mga hakbang na nabanggit, lilitaw ang pagkakataon upang ang isang peoples' organization, NGO, o anumang samahan ng mga mamamayan at/o partikular na sektor ay maaaring makilahok sa pagbubuo ng ordinansa o resolusyon.

Unang tingnan kung ano ang kalagayan ng mga palisiyang kaugnay ng iyong tinutukang adbokasiya o usapin. Mayroon na bang naipasang ordinansang pumapatungkol dito? Kung mayroon na, ano ang mga kakulangan at kalabisan nito? Mayroon bang kakulangan o kamalian sa pagpapatupad nito?

Ang mga pagsusuring ito ay bahagi ng tinatawag nating **policy analysis**. Ito ay isinasagawa upang may malinaw na direksyon ang pagsusulong ng isang adbokasiya at matukoy kung ang lehislatibong proseso nga ba ang akmang hakbang upang mapagtagumpayan ito.

Mainam na hakbangin din ang pagbubuo ng sariling bersyon ng ordinansa. Sa pamamagitan nito, mailalatag ang kabuuan ng intensyon at naisin sa isang kongkretong pormang mapag-aaralan ng mga hihimuking taga-suporta.

Susunod, tingnan kung papaanong ang isang isinusulong na adbokasiya o isyu ay maaaring katawanin ng isang kasapi ng sanggunian. Ang prosesong ito ay bahagi ng tinatawag na **political mapping**, kung saan pag-aaralan kung ano ang karakter at komposisyon ng sanggunian at ano ang kasaysayan at ugnayan ng mga kasapi sa isa't-isa.

Dito matutukoy kung sino ang maaaring maging kaalyado o taga-tuligsa. Mainam ding matukoy kung sino ang pinakamabuting lapitang kasapi upang kumatawan sa nais buuing panukala.

Ito ay prosesong nangangailangan ng maingat at banayad na pagkilos. Kaakibat nito ang proseso ng **lobbying** kung saan ay magsisikap na ang isinusulong na panukala ay aani ng atensyon, interes, at suporta mula sa mga kasapi ng sanggunian at ng mga nasa komunidad mismo. Maaaring magdaos ng mga pagpupulong at forum upang ilatag ang saysay at halaga ng isinusulong na panukala.

Upang siguradong hindi pabago-bago ang daloy at kalidad ng pagsusulong, mabuti ring pagkasunduan ng grupo ang **core messages** o punong mga mensahe na gagamitin upang pag-usapan at itaguyod ang panukala. Ang mga core messages ay ilang mga simple, tuwiran, at klarong mga mensahe na siyang magpapadali ng pagpapaunawa ng halaga at saysay ng inyong panukala.

## PAGBABANTAY SA PAGPAPATUPAD

Hindi natatapos sa pagkakapasa ng isang itinaguyod na ordinansa ang gawain. Batid ng lahat na kahit gaano man kahusay ang pagkakasulat ng isang batas, ang implementasyon nito ang siyang magtatakda kung may kabutihan o kasamaan bang maidudulot ito.

Sa mga ordinansa mula sa sangguniang bayan, lungsod, o probinsya, pangkaraniwan nang kailangan ang mga itong sundan ng karampatang **implementing rules and regulations (IRR)**.

Ang IRR ang siyang magpapalinaw pang higit kung ano ang sakop ng pagpapatupad ng ordinansa, sino at anong mga tanggapan ang may responsibilidad at pananagutan kaugnay nito, at kung paano ito ipatutupad.

Mula sa sangay ng ehekutibo ang magbubuo ng IRR. Madalas, may tutukuying technical working group (TWG) o partikular na tanggapan na siyang magtatakda ng laman nito. Tungkulin ng grupong ito na magdaos ng pagpupulong at konsultasyon sa mga apektadong sektor at sa kalakhang publiko.

Sa pagbubuo ng IRR, mahalagang nakabantay ang mga tagapagsulong upang masiguradong hindi malilihis ang implementasyon sa mga layunin at inaasahang kabutihang dulot ng ordinansa. Sa puntong ito rin kasi maaaring subukan ng mga sumasalungat sa ordinansa na palamlamin o pahinain ang magiging pagpapatupad ng ordinansa.

## MGA HAMON SA PAKIKILAHOK NG MAMAMAYAN

Bagama't malinaw na itinatakda ng batas ang partisipasyon ng mamamayan, ang pagsasabuhay nito ay nananatili pa ring malaking hamon.

Nariyan ang malawakang kurapsyon sa maraming sangay ng pamamahala na siyang nagdudulot ng mga kondisyong humaharang sa masinsinang pakikilahok ng mamamayan.

Dagdag pa ang patuloy na pagsikil sa mga espasyo para sa mga sibikong gawain, o **shrinking of civic spaces**, kung saan nililimitahan ang kakayahan at kalayaan ng mamamayan na magpahayag at makilahok sa mga gawaing sibiko, lalo na ang may kaugnayan sa pag-unlad at mga karapatang pantao.

Kinakaharap din ng lahat ang umiiral na pamamayani ng iilang makapangyarihang interes na siyang nakapagdidikta ng adyenda at direksyon ng mga palisiya at programa. Kabilang sa mga ito ang mga maimpluwensyang pamilya ng mga pulitiko, mga malalaking negosyo, at mga maylupa.

Ang mga hamong ito ay magpapatuloy lamang ang paghahari kung hindi ito tatapatan ng epektibong mobilisasyon ng mamamayan. Ang pagpapayabong ng kaalaman at kamalayan at pagsasabuhay ng mga prinsipyo ng karapatang pantao ay pawang mga mahahalagang sandata sa paggapi sa mga hamong ito.

Gamit ang pagsusulong ng RBA at ang makabuluhang pakikilahok ng mamamayan sa pamamahala, mas matitiyak ang pagsasakatuparan ng inaasam na pag-unlad para sa lahat.



# MGA DAPAT TANDAAN

- Upang masimulan ang pagsusulong ng RBA sa komunidad, minumungkahing isagawa ang mga ito: Oryentasyon at/o Human Rights Situation Analysis, aralin ang isyung nais bigyang-pansin, magbuo ng kongkretong plano, maghanap ng mga kaalyado, subaybayan at suriin ang implementasyon, at magnilay sa pagkakatuto.

- May iba't-ibang mekanismo para sa partisipasyon ng mamamayan:

  Konsultasyon
  People's Initiative
  Representasyon ng mga Sektor
  Asembleya

- Binibigyang-diin ang kahalagahan ng partisipasyon ng mamamayan sa mga gawain ng pamamahala sa dalawang batas na ito:

  Saligang Batas ng 1987 (Artikulo II, X, at XIII)
  Local Government Code of 1991 (R.A. 7160)

- Mahalagang bantayan ng mamamayan ang limang serbisyong pampubliko na direktang hinahatid ng lokal na pamahalaan:

  Agrikultura
  Kalusugan
  Kagalingang Panlipunan o Social Welfare
  Pagawain at Lansangang Bayan o Public Works and Highways
  Proteksyon ng Kapaligiran

# MGA DAPAT TANDAAN

- May dalawang uri ng lehislatibong materyal ang nabubuo sa mga lokal na pamahalaan:

    Ordinansa: lokal na batas na gumagabay sa mga tao at/o ari-arian; ito ay mga pwersa ng batas at maaaring may tinatadhanang parusa o pananagutan sa mga lalabag; at

    Resolusyon: pagpapabatid ng isang opinyon o damdamin ng sanggunian pagdating sa isang usapin o kaganapan.

- Ito ang mga hakbang sa pagsusulong ng isang ordinansa:

    Policy Analysis
    Political Mapping
    Lobbying
    Pagbubuo ng Core Messages

- Kahit gaano man kahusay ang pagkakasulat ng isang batas, ang implementasyon nito ang siyang magtatakda kung may kabutihan o kasamaan bang maidudulot ito.

- Pag-aralan ang Implementing Rules and Regulations (IRR) upang malinawan sa sakop ng pagpapatupad ng ordinansa, sino at anong mga tanggapan ang may responsibilidad at pananagutan kaugnay nito, at kung paano ito ipatutupad.

- Dumarami at tumitindi ang hamon sa pakikilahok ng mamamayan:

    Malawakang kurapsyon sa maraming sangay ng pamamahala

    Pagliit ng civic spaces—ang kakayahan at kalayaan ng mamamayan na magpahayag at makilahok sa gawaing sibiko

    Pamamayani ng iilang makapangyarihang interes na siyang nagdidikta ng adyenda at direksyon ng mga palisiya at programa

# MUNGKAHING GAWAIN

Tumukoy ng isang ordinansang pinatutupad sa inyong komunidad. Ano ang mga nilalaman nito at kumusta ang implementasyon? Gamitin ang database na ito bilang gabay sa pagtala:

| Ordinansa | Lalamanin | Mga natutugunan o nalalabag na mga karapatan (Aktwal na karanasan sa implementasyon) |
|---|---|---|
| | | |



# MGA APENDISE

## APENDISE A:
## Ang Freedom of Information o FOI

## APENDISE B:
## Halimbawang Ordinansa sa FOI

## APENDISE A: ANG FREEDOM OF INFORMATION O FOI

Ang Freedom of Information o FOI ay ang karapatan at kalayaang ma-akses ang impormasyong hawak ng mga pampublikong ahensya, ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).[5] Ayon pa rin sa UNESCO, mahalagang bahagi ang FOI ng kalayaan sa pagpapahayag.[6]

## KAUGNAYAN NG FOI SA RBA

Kung babalikan ang prinsipyong PANTHER, malinaw ang kaugnayan ng kalayaan sa pag-akses ng impormasyon sa RBA.

Halimbawa, ang prinsipyo ng partisipasyon ay mapapagtibay kung malayang nakatatanggap ng impormasyon tungkol sa pamamahala ang mamamayan. Kung masinop ang pagpapatupad ng FOI, makaaasa ang taumbayan ng akma at napapanahong impormasyon tungkol sa mga gawain at proyektong bayan.

Ang usapin ng pananagutan ay maisabubuhay rin kung may matibay na palisiyang FOI—malayang masusuri ng taumbayan ang iba't-ibang aktibidad ng mga tauhan ng pamahalaan, lalo na't kung patungkol sa kanilang mga tungkulin at obligasyon sa bayan.

Maiuugnay din sa prinsipyo ng pagiging bukas ang FOI. Nariyan, halimbawa, ang batas na nagsasaad na marapat magpasa ng wastong Statement of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN) ang mga kawani ng pamahalaan upang masigurong walang tago at/o nakaw na yaman mula sa kaban ng bayan ang napupunta sa mga taong gobyerno.

5 United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization. (n.d.). About Freedom of Information (FOI). United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa http://www.unesco.org/new/en/communication-and-information/freedom-of-expression/freedom-of-information/about/.

6 Basehan: Resolution 59 ng UN General Assembly ng 1946 at Article 19 ng Universal Declaration of Human Rights ng 1948

Kung ganito kalinaw ang kahalagahan ng FOI sa pagsasabuhay ng RBA patungo sa makataong pamamahala, malaking balakid ang kawalan pa rin ng pormal na FOI na batas sa Pilipinas. Ilang administrasyon at kongreso na ang dinaanan ng mga panukalang batas sa FOI ngunit walang isa sa mga ito ang naipasa. Sa kabila nito, may mga mekanismo pa rin upang kahit papaano ay maisabuhay ang mga prinsipyo ng FOI sa pakikilahok ng mamamayan sa pamamahala.

## ANG EXECUTIVE ORDER NO. 2, S. 2016

Sa bisa ng Executive Order No.2 na nilagdaan noong 2016, kinikilala ng Estado ang konstitusyonal na karapatan ng lahat sa impormasyon patungkol sa mga palisiya at mga transaksyon ng pamahalaan na para sa pampublikong mga layunin.

Tinutukoy sa EO na ito ang pakahulugan ng impormasyon. Ayon dito, ang impormasyon ay anumang rekord, dokumento, papeles, ulat, kontrata, tala o **minutes** ng mga opisyal pagpupulong, mapa, aklat, litrato, datos, materyal sa pagsasasaliksik, pelikula, mga rekording ng tunog at bidyo, mga magnetikong tape, elektronikong datos, datos sa kompyuter, at iba pang kahalintulad na mga materyal sa anupamang porma na ginawa, tinanggap o itinatabi ng anumang opisina ng pamahalaan sa may kaugnayan sa pagsasagawa ng tungkulin o transaksyong pampubliko.

Ibig sabihin, ang mga halimbawang dokumentong ito ay maaaring i-request o hingin sa mga tanggapan ng pamahalaan, maliban na lamang sa ilang partikular na pagkakataon.

Sakop ng EO na ito ang lahat ng opisina sa ilalim ng ehekutibong sangay, gaya ng mga kagawaran at opisina ng pambansang pamahalaan, pati na rin mga kumpanyang pagmamay-ari ng pamahalaan at mga state universities at kolehiyo. Hinihimok din ng EO na umayon rin ang mga local government units o LGU sa order na ito.

Inatasan din ng EO No. 2 ang bawat opisina ng pamahalaan na magbuo ng sari-sariling FOI Manual na siyang maglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

a. Lokasyon at mga contact information ng mga opisina kung saan puwedeng humingi ng impormasyon ang publiko
b. Tauhan o opisinang inaatasang tumanggap ng mga request sa impormasyon
c. Pamamaraan ng pag-file at pag-proseso ng mga request
d. Mga form na gagamitin para sa pagpapasa ng request
e. Proseso sa pagtugon sa mga request
f. Proseso ng pag-apila kung ang request ay natanggihan
g. Halagang bayarin para sa mga impormasyong hinihingi (Hal. Reproduksyon ng mga kopya)

## PAGSUSURI SA IMPLEMENTASYON NG FOI

Sa isang artikulo ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) noong 2018, inilahad ng Right to Know, Right Now! Coalition ang resulta ng kanilang pagsusuri kung paano naipapatupad ang FOI, base sa EO No. 2.[7]

Sa rebyu ng koalisyon, nagpasa ng mga request sa 20 ahensya upang humingi ng 141 dokumento sa 230 contacts at naghintay ng 159 working days. Sa katapusan, umabot lamang sa 17 dokumento ang natanggap. Ang ibang request ay tinanggihan (9%) at ang iba naman ay nakabinbin pa ang proseso (79%).

Sa pagsusuring ito, makikitang hindi pa rin lubos na naisasakatuparan ang layuning FOI. Wika mismo ng Right to Know, Right Now! Coalition: "[B]agamat may iilang kwento ng tagumpay at mga bagong kampeon ng bukas na pamamahala...hindi pa rin ganap na masasabing may right to information na tayo."

Habang obligasyon ng pamahalaang pag-ibayuhin pa ang pagtalima sa FOI, mahalaga ring kabahagi sa adbokasiyang ito ang mga peoples' organizations. Nariyan ang pag-aaral sa EO No. 2, pagsuporta sa mga panukalang batas para sa isang ganap na FOI law, pakikipag-ugnayan sa mga koalisyong nagsusulong ng FOI gaya ng Right to Know, Right Now!, at paghimok sa kanya-kanyang LGU o lokal na pamahalaan na magpasa ng FOI na ordinansa sa lugar.

---

7 Right to Know, Right Now! Coalition. (2018, December 11). FOI, Kaya pa? Is there a future for FOI under DU30 administration? [web log]. Hinango Nobyembre 3, 2021, mula sa https://pcij.org/article/1380/foi-kaya-pa-is-there-a-futurebrfor-foi-under-du30-administration.

## APENDISE B: HALIMBAWANG ORDINANSA SA FOI

**Republic of the Philippines**
**Province/ City / Municipality of __________**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN/PANLUNGSOD/ BAYAN**

Draft Provincial/City/Municipal Ordinance No. _______

**AN ORDINANCE OPERATIONALIZING FREEDOM OF INFORMATION IN THE PROVINCIAL/CITY/MUNICIPAL GOVERNMENT OF**

**__________________________________**

**AND APPROVING GUIDELINES THEREFOR**

WHEREAS, pursuant to Section 28, Article II of the 1987 Constitution, the State adopts and implements a policy of full public disclosure of all its transactions involving public interest subject to reasonable conditions prescribed by law;

WHEREAS, Section 7, Article III of the 1987 Constitution guarantees the right of the people to information on matters of public concern;

WHEREAS, on 23 July 2016, President Rodrigo R. Duterte issued Executive Order No. 2 entitled "Operationalizing in the Executive Branch the People's Right to Information and the State Policies to Full Public Disclosure and Transparency in the Public Service and Providing Guidelines Therefor;"

WHEREAS, the said Executive Order is limited in scope to government offices under the Executive Branch, and merely enjoins local government units to observe and be guided accordingly;

WHEREAS, recognizing the importance of the people's right to government information, and guided by the President's Executive Order, the Provincial/City/Municipal Government deems it necessary to provide a local mechanism for its offices where the people's right to information is respected and upheld, subject to exceptions provided by law and jurisprudence;

**NOW, THEREFORE,** Be it Ordained that:

**SECTION 1. Title.** This ordinance shall be known as the **"FOI Ordinance of 20__."**

**SECTION 2. Definition of Terms.** For the purpose of this Ordinance, the following terms shall mean:

(a) **"Information"** shall mean any records, documents, papers, reports, letters, contracts, minutes and transcripts of official meetings, maps, books, photographs, data, research materials, films, sound and video recording, magnetic or other tapes, electronic data, computer stored data, any other like or similar data or materials recorded, stored or archived in whatever format, whether offline or online, which are made, received, or kept in or under the control and custody of any government office under the Provincial/ City/ Municipal Government of___________ pursuant to law, ordinance, executive order, and rules and regulations or in connection with the performance or transaction of official business by any government office under the Provincial/City/Municipal Government of_____________.

(b) **"Official record"** shall refer to information produced or received by a public officer or employee, or by a government office in an official capacity or pursuant to a public function or duty.

(c) **"Public record"** shall include information required by laws, executive orders, rules, or regulations to be entered, kept and made publicly available by a government office.

**SECTION 3. Coverage.** This order shall cover all government offices under the Provincial/City/Municipal Government of____________.

**SECTION 4. Access to Information**. Every Filipino shall have access to information, official records, public records and to documents and papers pertaining to official acts, transactions or decisions, as well as to government research data used as basis for policy development, in the custody of the Provincial/City/ Municipal Government of____________ or any of its offices.

**SECTION 5. Exceptions.** Access to information shall be denied when the information falls under any of the exceptions enshrined in the Constitution, existing law, or jurisprudence.

Pursuant to this, the Provincial/City/Municipal Legal Officer is directed to prepare a local inventory of FOI exceptions and submit the same to the Sangguniang Panlalawigan/Panlungsod/Bayan within thirty (30) calendar days from the date of effectivity of this Ordinance, for its approval.

Thereafter, the Sangguniang Panlalawigan/Panlungsod/Bayan Secretary shall cause the publication of the local inventory of FOI exceptions for the guidance of all government offices covered by this Ordinance. Said local inventory of FOI exceptions shall be periodically updated by the Provincial/City/Municipal Legal Officer and the Sangguniang Panlalawigan/Panlungsod/Bayan.

**SECTION 6. Availability of SALN.** Subject to the provisions contained in Sections 4 and 5 of this Ordinance, all public officials of the Provincial/City/ Municipal Government of ___________ shall be reminded of their obligation to file and make available for scrutiny their Statements of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN) in accordance with existing laws, rules and regulations, and the spirit and letter of this Ordinance.

**SECTION 7. Application and Interpretation.** There shall be a legal presumption in favor of access to information, public records and official records. No request for information shall be denied unless it clearly falls under any of the exceptions in the inventory of FOI exceptions. The Provincial/City/Municipal Government of ___________ shall adopt the "disclose to one, disclose to all" policy for the information requested through this Ordinance and shall exercise proactive disclosure of information not subject to the exceptions.

The determination of the applicability of any of the exceptions to the request shall be the responsibility of the Head of Office, which is in custody or control of the information, public record or official record, or the responsible Provincial/City/Municipal or field officer duly designated by him/her in writing.

In making such determination, the Head of Office or his/her designated officer shall exercise reasonable diligence to ensure that no exception shall be used or availed of to deny any request for information or access to public records, or official records if the denial is intended primarily and purposely to cover up a crime, wrongdoing, graft or corruption.

**SECTION 8. Protection of Privacy.** While providing access to information, public records, and official records, responsible officials shall afford full protection to the right to privacy of the individual, pursuant to the Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173), as follows:

(a) Each government office shall ensure that personal information in its custody or under its control is disclosed or released only if it is material or relevant to the subject matter of the request and its disclosure is permissible under this Ordinance or existing law, rules or regulations;

(b) Each government office must protect personal information in its custody or control by making reasonable security arrangements against leaks or premature disclosure of personal information, which unduly exposes the individual, whose personal information is requested, to vilification, harassment or any other wrongful acts.

(c) Any employee, official or director of a government office who has access, authorized or unauthorized, to personal information in the custody of the office, must not disclose that information except when authorized under this Ordinance or pursuant to existing laws, rules or regulation.

**SECTION 9. FOI Focal Person and FOI Receiving Officers**

(a) The ___________ is designated to be the FOI Focal Person. He/she is tasked to oversee the implementation of the FOI Ordinance. The focal person shall also develop the standard forms for the submission of requests and for the proper acknowledgment of such requests.

(b) The FOI Focal Person shall monitor the status of all requests for access to information filed in the Provincial/City/Municipal Government of ___________ and its offices. Thus, the FOI Focal Person shall establish a system to trace the status of all requests for information in the LGU.

(c) Each of the offices under the LGU shall also designate an FOI Receiving Officer who will accommodate requests for access to information filed through their office.

**SECTION 10. Procedure.** The following procedure shall govern the filing and processing of request for access to information:

(a) Any person who requests access to information may consult the LGU's FOI Focal Person to identify the concerned office who keeps the information being requested. The requestor may also go directly to the concerned office which he/she thinks has the information being requested.

(b) The requestor shall submit a written request to the FOI Receiving Officer of the concerned office using the standard form of the LGU. The request shall state the name and contact information of the requesting party, provide valid proof of his identification or authorization, reasonably describe the information requested, and the reason for, or purpose of, the request for information: Provided, that no request shall be denied or refused acceptance unless the

reason for the request is contrary to law, existing rules and regulations or it is one of the exceptions contained in the inventory or updated inventory of exception as herein above provided.

(c) The FOI Receiving Officer receiving the request shall provide reasonable assistance, free of charge, to enable all requesting parties and particularly those with special needs, to comply with the request requirements under this Section.

(d) The request shall be stamped by the concerned office, indicating the date and time of receipt and the name, rank, title and position of the FOI Receiving Officer with the corresponding signature, and a copy thereof furnished to the requesting party. Each office shall establish a system to trace the status of all requests for information received by it.

(e) The concerned office shall respond to a request fully compliant with requirements of sub section (b) hereof as soon as practicable but not exceeding fifteen (15) working days from the receipt thereof. The response mentioned above refers to the decision of the concerned office to grant or deny access to the information requested.

(f) The period to respond may be extended whenever the information requested requires extensive search of the office's records facilities, examination of voluminous records, the occurrence of fortuitous cases or other analogous cases. The concerned office shall notify the person making the request of the extension, setting forth the reasons for such extension. In no case shall the extension go beyond twenty (20) working days unless exceptional circumstances warrant a longer period.

(g) Once a decision is made to grant the request, the person making the request shall be notified of such decision and directed to pay any applicable fees.

**SECTION 11. Fees.** (a) Government offices shall not charge any fee for accepting requests for access to information. Likewise, there shall be no charge for obtaining information in digital format (i.e. PDF, JPEG, etc.). However, the following schedule of fees is imposed for printing, photocopying, and certification services rendered by a government office:

| | |
|---|---|
| **Certification of Official Records** | – P50.00/page for the 1st copy and 5.00/page for succeeding copies |
| **Printing** | – P5.00/page |
| **Photocopying** | |
| Long | – P3.00/page |
| Short/A4 | – P2.00/page |

(b) The fee shall be paid to the Provincial/City/Municipal Treasurer at the time of the request, whether written or verbal. The Official Receipt number, the amount of the total fees, and the date of payment shall be indicated at the bottom of the certificate.

(b) The concerned office may exempt any requesting party from payment of fees, upon request stating the valid reason why such party should not pay the fee.

**SECTION 12. Remedies in Cases of Denial of Request for Access to Information.**

(a) Denial of any request for access to information may be appealed to the Local Chief Executive: Provided, that the written appeal must be filed by the same person making the request within fifteen (15) calendar days from the notice of denial or from the lapse of the relevant period to respond to the request.

(b) The appeal shall be decided by the Local Chief Executive within thirty (30) working days from the filing of said written appeal.

Failure of the person or office next higher in the authority to decide within the afore-stated period shall be deemed a denial of the appeal.

(c) Upon exhaustion of administrative appeal remedies, the requesting party may file the appropriate case in the proper courts in accordance with the Rules of Court.

**SECTION 13. Keeping of Records.** Subject to existing laws, rules, and reguJations, government offices shall create and/or maintain accurate and reasonably complete records of important information in appro-priate formats, and implement a records management system that facilitates easy identification, retrieval and communication of infor-mation to the public.

**SECTION 14. Penalties.** Failure of any government officer to comply with the provisions of this Ordinance shall be a ground for the following penalties:

| | | |
|---|---|---|
| 1st Offense | - | Reprimand |
| 2nd Offense | - | Suspension of one (1) to thirty (30) days; and |
| 3rd Offense | - | Dismissal from the service |

The FOI Focal Person shall submit the list of government officers who fail to comply with the provisions of this Ordinance to the Local Chief Executive who shall decide on the appropriate administrative and disciplinary sanctions.

**SECTION 15. Separability Clause.** If any section or part of this Ordinance is held unconstitutional or invalid, the other sections or provisions not otherwise affected shall remain in full force or effect.

**SECTION 16. Repealing Clause.** All other ordinances, orders, issuances, rules and regulations, which are inconsistent with the provisions of this Ordinance are hereby repealed, amended or modified accordingly.

**SECTION 17. Effectivity.** This Ordinance shall take effect fifteen (15) days after publication.

**Philippine Human Rights Information Center (PhilRights)**
53-B Maliksi St., Brgy. Pinyahan 1100
Quezon City, Philippines
Telepono: (632) 8426 4048
Email: info@philrights.org
Website: www.philrights.org

Facebook: @HumanRightsPhilippines
Twitter: @PhilRights
Instagram: @philrights
YouTube: /PhilRights


KATOTOHANAN
KATARUNGAN
PANANAGUTAN